# Kapag napasok na ang mananahanan sa Paraiso, sa Paraiso;Mananawagan ang isang tagapanawagan:Katotohanang sa inyo na kayo ay mabubuhay,at hindi na kayo mamamatay magpakailanman,Katotohanang sa inyo na kayo ay [magkakamit ng] magandang pangangatawan,at hindi na kayo magkakasakit magpakailanman,Katotohanang sa inyo na kayo ay magiging binata,at hindi na kayo tatanda magpakailanman,Katotohanang sa inyo na kayo ay [magkakamit ng walang hanggang] kaligayahan,at hindi na kayo maghihirap magpakailanman,

Ayon kina Abe Sa`īd Al-Khudrīy,at Abe Hurayrah- malugod si Allah sa kanilang dalawa- Hadith na marfu: ((Kapag napasok na ang mananahanan sa Paraiso, sa Paraiso;Mananawagan ang isang tagapanawagan:Katotohanang sa inyo na kayo ay mabubuhay,at hindi na kayo mamamatay magpakailanman,Katotohanang sa inyo na kayo ay [magkakamit ng] magandang pangangatawan,at hindi na kayo magkakasakit magpakailanman,Katotohanang sa inyo na kayo ay magiging binata,at hindi na kayo tatanda magpakailanman,Katotohanang sa inyo na kayo ay [magkakamit ng walang hanggang] kaligayahan,at hindi na kayo maghihirap magpakailanman))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Kabilang sa mga Biyaya sa Paraiso;Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagpahayag na ang mananahanan sa Paraiso ay mananawagan sa kanila ang isang tagapanawagan : "Katotohanang sa inyo na kayo ay mabubuhay,at hindi na kayo mamamatay magpakailanman,Katotohanang sa inyo na kayo ay [magkakamit ng] magandang pangangatawan,at hindi na kayo magkakasakit magpakailanman" At nabanggit ng Haduth: Na sila ay [pagkakalooban] ng biyayang walang hanggan,hindi sila matatakot sa kamatayan,sakit,at hindi rin sa pagtanda na nagiging dahilan ng panghihina,at ang pagputol sa tinatamasa nilang mga biyaya,At ang Hadith na ito at ang iba pa,ay nararapat lamang na makapag-anyaya sa mga tao sa paggawa ng mga kabutihan na siyang magdadala sa kanya

sa Tahanang ito [Paraiso].

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8341